**Ulat at Tugon sa Pinsalang Dulot ng 2024 Noto Peninsula Earthquake (1)**

+ Kapayapaan ng Panginoon

Nais kong iulat ang nangyaring lindol sa Noto Peninsula noong unang araw ng Enero. Sa kadahilanang natalakay na ng detalyado ng media ang sitwasyon ng sakuna, akin na lang tatalakayin dito ang mga patungkol sa simbahan.

Pagkatapos ng lindol noong araw ding yun ay nagdesisyon si Pader Yoshihiro Kataoka na nasa Kanazawa na bisitahin ang isang simbahan sa Noto Peninsula. Subalit dahil putol ang daan, di na siya tumuloy. Nagbakasakali siya sa sumunod na araw at narating ang Nanao Church para suriin ang sitwasyon. Bagaman hindi siya makapunta sa Wajima Church dahil sa mga kondisyon ng kalsada, may ulat naman sa sitwasyon mula sa principal ng kindergarten. Nakatanggap din kami ng ulat mula kay Pader Kataoka tungkol sa sitwasyon ng pinsala ng mga simbahan kaya mangyaring tingnan ang nakalakip na dokumento. Nakipag-ugnayan din ako sa mga parokya at monasteryo sa Toyama at Fukui prefectures upang alamin ang kanilang sitwasyon at ang lawak ng pinsala, ngunit lumilitaw na kung mayroon mang pinsala ay napakaunti lamang.

Nakatanggap din kami ng mga tawag pagkatapos ng lindol mula kina Bishop Daisuke Narui na siyang namamahala sa Caritas Japan at Archbishop Isao Kikuchi na pangulo ng CBCJ, para magbigay ng suporta. Ang Vatican naman ay nagpadala ng mensahe mula kay Pope Francis na nagsasabing, “ang Santo Papa ay labis na nalungkot nang malaman ang pagkawala ng buhay at pinsalang dulot ng lindol, at siya ay nagpahayag ng kaniyang taos-pusong pakikiisa sa lahat ng mga biktima. Nangako din ang Santo Papa na ipagdasal ang mga namatay, ang mga nagdadalamhati sa kanilang pagkamatay, at ang pagliligtas sa mga nawawala pa.” (Mula sa Yomiuri Shimbun Online). Taos-puso din akong nagpapasalamat sa lahat ng inyong mga panalangin at tulong.

Noong Enero 3, ang Diyosesis ng Nagoya (ako bilang obispo, Pader Kataoka, Pastoral Mission Secretary, at Pangulo ng Caritas Welfare Committee), ang Emergency Response Support Team (ERST) ng CBCJ, at ang Obispo na may hawak ng Caritas Japan ay nagkaroon ng online meeting para talakayin ang sitwasyon at mga plano na gagawin sa hinaharap.

Tungkol sa hinaharap

1. Tungkol sa lokal na sitwasyon

   Patuloy naming aabisuhan ang bawat parokya at monasteryo sa Diyosesis ng

Nagoya sa pamamagitan ng e-mail at fax gaya ng dati. Ang Nagoya Diocese homepage ay kasalukuyang nasa ilalim ng maintenance, ngunit maaaring tingnan ang Noto Peninsula Earthquake information page.

2. Tungkol sa Pagboboluntaryo

   Ang parokya ay hindi nagre-recruit ng mga boluntaryo sa panahon na ito, ngunit kung ikaw ay interesado, mangyaring makipag-ugnayan sa iyong lokal na social welfare council.

3. Tungkol sa mga donasyon

   Ang lindol ay nagdulot ng partikular na matinding pinsala sa Wajima Church at Nanao Church sa hilagang bahagi ng Noto Peninsula, kaya nais ng Diyosesis na humingi ng tulong para sa Relief Fund upang masuportahan at matulungang makabalik sa dati ang mga taong napinsala. Mangyaring magpadala ng mga pera sa punong-tanggapan ng Diyosesis gamit ang pamamaraan sa ibaba. Magsasagawa din ang Diyosesis ng Fundraising hanggang sa katapusan ng Hunyo 2024, at ipapaalam sa lahat kung magpapatuloy ito depende sa sitwasyon.

   "Paraan ng Pagpapadala"
   Postal Account Number: 00810-5-50605
   Postal Account Name: Catholic Diocese of Nagoya
   Pakisulat ang "Noto Earthquake" para malaman kung para saan.

- Ang mga Parokya na magsasagawa ng paglikom ng pera para sa Noto Earthquake ay inaasahan na ilipat ang nalikom na pera sa account sa itaas.
- Ang mga donasyon na matatanggap ay gagamitin para sa pagpapanumbalik ng mga pasilidad na may kaugnayan sa simbahan ng Diyosesis at para suportahan ang mga biktima ng Noto Peninsula Earthquake. Ang Relief Fund din ay maaring gagamitin kalaunan para sa iba pang nangangailangan ng tulong gaya ng kung saan may mga lugar na sinalanta ng sakuna.

Taos-puso akong nagpapasalamat sa lahat ng nagpahayag ng kani-kanilang suporta at panalangin. Ipinapagdasal ko mula sa kaibuturan ng aking puso ang mga kaluluwa ng mga namatay, ang mabilisang paghahanap at pagliligtas sa mga nawawala pa, at ang mabilisang tulong para sa mga nagsilikas na patuloy na nakakaranas ng hirap dulot ng sakunang ito.

Bp. Goro Matsuura